Sa lahat ng nahihirapan sa pamumuhay dahil natigil ang trabaho o nawalan ng trabaho dulot ng epekto ng COVID-19

# Exemption sa Pagbabayad ng Pautang mula sa Emergency Small Amount Fund at Comprehensive Support Fund (Mga Temporary Loan Emergency Fund)

Magsisimula sa taong 2023 ang pagbabayad ng pautang mula sa Emergency Small Amount Fund at Comprehensive Support Fund (Mga Temporary Loan Emergency Fund). Para sa mga pondong ito, maaaring mabigyan ng "exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal (hindi na kinakailangang ibalik ang hiniram)" kung matutugunan ang mga kondisyon na itinakda ng gobyerno. Ipapaliwanag kung maaaring mabigyan ng exemption o kung ano ang maaaring gawin upang makatanggap nito kaya mangyaring basahin nang mabuti.

## 1 Aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Magkakaiba ang taon ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal ayon sa uri ng hiniram na pondo. Ang aplikasyon na maaaring isagawa sa taong 2022 ay para sa exemption ng pagbabayad mula sa Emergency Small Amount Fund at sa ika-1 hanggang sa ika-3 buwan ng Comprehensive Support Fund.

| Uri ng pondong pinautang | Emergency Small Amount Fund | Pangunang bayad (ika-1 hanggang ika-3 buwan) ng Comprehensive Support Fund | Ekstensyon (ika-4 hanggang ika-6 na buwan) ng Comprehensive Support Fund | Muling pagpautang ng Comprehensive Support Fund |
|---|---|---|---|---|
| Taon para isagawa ang aplikasyon para sa exemption | Taong 2022 | | Taong 2023 | Taong 2024 |

## 2 Mga kondisyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal sa taong 2022

Ipapaliwanag ang aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang para sa taong 2022.
Para sa taong piskal 2021 at 2022, kung parehong ikaw (na humiram) at ang inyong ulo ng tahanan ay hikazei o nabigyan ng exemption para sa itinalagang lokal na buwis o juminzei at sa income tax, mabibigyan kayo ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal.

## 3 Paraan ng aplikasyon para sa exemption ng pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal


- **Panahon ng aplikasyon**: Enero 2022 – Agosto 31, 2022 (ayon sa nakatatak na araw sa sobreng ipinadala)
- **Tagatanggap ng aplikasyon**: Tokyo Council of Social Welfare Support center para sa temporary loan emergency fund
  *Mangyaring ipasok sa sobreng nakalakip sa sulat na ito at ipadala sa post office
- **Mga Kailangang Dokumento**:
  (1) Certificate of residence o *juminhyo* ng lahat ng miyembro ng inyong pamamahay (na-issue sa loob ng 3 buwan at nakalista lahat ng miyembro)
  (2) Sertipiko ng exemption sa pagbabayad ng buwis
  (3) Application form para sa exemption (nakalakip na dokumento 2)
  *Kung dalawa ang hawak na (3), dalawa din dapat ang kopya ng (1) at (2). Maaaring photocopy ang isa sa mga kopyang ito.
  *Kung kailangan ng tulong sa pagsagot ng (3), sumangguni sa support center para sa temporary loan emergency fund, o sa Council of Social Welfare ng inyong tinitirhang lunsod o munisipyo.



**Para malaman kung maaaring mabigyan ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal, mangyaring tingnan ang susunod na pahina**

## 4 Paraan para tiyakin kung maaaring mabigyan ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Sagutin ng “Oo,” “Hindi,” o “Hindi ko alam” angkop sa iyong sitwasyon.




### 1 Sa bandang Hunyo 2022, muling tiyakin ang sumusunod

Kapag *juminzei hikazei* o nabigyan ng exemption sa lokal na buwis sa taong piskal 2022, makakatanggap kayo ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal.

Malalaman kung mabibigyan kayo ng exemption na *juminzei hikazei* sa bandang Hunyo ng susunod na taon.

● Kung napagpasya na *kazei* (kailangang magbayad ng lokal na buwis o *juminzei*) sa taong 2022 ➔ Tumuloy sa 7

### 2-1 May exemption sa buwis o juminzei hikazei kaya maaaring mabigyan ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

### 2-2 Ikaw at ang ulo ng tahanan ay may exemption sa buwis o juminzei hikazei kaya maaaring mabigyan ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Isagawa ang proseso ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal ➔ Tumuloy sa 3

### 3 Tiyakin kung nabigyan ka ng exemption sa lokal na buwis o *juminzei hikazei*


➔ Tumuloy sa 5

### 4 Tiyakin kung nabigyan ka at ang ulo ng tahanan ng exemption sa lokal na buwis o *juminzei hikazei*

➔ Tumuloy sa 5

## 5 Paraan kung paano tiyakin ang katayuan tungkol sa lokal na buwis o *juminzei*

Sagutin ng “Oo,” “Hindi,” o “Hindi ko alam” angkop sa iyong sitwasyon.
*Kung mula sa pensyon ang inyong kinikita, tiyakin sa city hall ng lunsod o munisipyo kung kailangan mong magbayad ng buwis (*kazei*) o hindi (*hikazei*).





### Kung hindi kailangang magbayad ng buwis o *hikazei*

Mangyaring kumuha ng sertipiko para sa sarili, o di kaya’y para sa sarili at sa inyong ulo ng tahanan.
Mangyaring kumuha ng kopya ng *hikazei shomeisho* o sertipikong nagsasabing hindi kailangang magbayad ng buwis.
Maaaring makuha ito sa city hall ng lunsod o munisipyo kung saan kayo nakarehistro noong Enero 2021.
Kung hindi ninyo alam ang sariling katayuan, makipag-ugnayan sa tax office ng inyong tinitirhang lunsod o munisipyo.

### Kung kailangang magbayad ng buwis o *kazei*

➔ Tumuloy sa 4 – 1



**Para sa impormasyon tungkol sa paghahain ng tax return para sa lokal na buwis o *juminzei*, mangyaring tingnan ang susunod na pahina**

## Paghahain ng inyong tax return para sa lokal na buwis o *juminzei*

Isumite sa counter o ipadala sa tax office ng lunsod o munisipyo kung saan nakarehistro bilang residente noong Enero 2021. Kung hindi alam ang gagawin o may problema sa paghahanda ng dokumento, makipag-ugnayan sa naturang tax office.

**[Mga kailangang dokumento para sa paghahain ng tax return ng lokal na buwis o *juminzei*]**

- Tax return form para sa lokal na buwis o *juminzei* *Magkaiba ang format ng bawat lunsod o munisipyo.
- Mga dokumento na nagpapatunay ng inyong pagkakakilanlan
- Ang inyong My Number

  Kailangan sa paghahain ng tax return ang inyong My Number. Paki-check ito sa hawak na My Number card, My Number notification card, o sa residence certificate.
- Mga dokumento na nagpapatunay ng inyong kita
  - [Sa mga nagtatrabaho sa kompanya, tindahan, atbp.] Ang withholding slip o *gensen choshuhyo* ng kinita mula sa suweldo, kopya ng natanggap na salary slip sa loob ng isang taon, atbp.
  - [Sa mga tumatanggap ng pampublikong pensyon] Ang withholding slip o *gensen choshuhyo* ng inyong pensyon
  - [Sa mga may sariling negosyo] Mga bagay na nagpapatunay ng kita tulad ng record ng pagbabayad, resibo, atbp.
- Dokumento para sa deduction o pagbabawas ng buwis

  *Mangyaring ihanda ito kung nais mabawasan ang halaga ng inyong kinita na mapapatawan ng buwis. Hindi na kailangang ihanda ng mga hindi mag-a-apply para sa deduction.
  - Resibo o anumang nagpapatunay na binabayaran nang sarili ang social insurance o *shakai hoken*
  - Mga sertipikong nagpapatunay ng pagbabayad ng life insurance, earthquake insurance, atbp.
  - Papeles na nagpapakita ng pagbabawas ng gastusing medikal, resibo ng gastusing medikal, atbp.
  - Resibo o anumang nagpapatunay na nagbigay ka ng donasyon
  - Sertipiko ng kapansanan, sertipiko ng pag-aalaga, atbp.

## 6 Pagkatapos isagawa ang aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Mga bandang Setyembre 2022, malalaman ninyo sa pamamagitan ng sulat kung mabibigyan kayo ng exemption.
Sa mga hindi mabibigyan ng exemption, kukunin buwan-buwan ang halaga mula sa inyong bank account. Hihingiin sa inyo ang impormasyon ng bank account kung saan ninyo nais ma-withdraw ang pambayad.
Sa mga humiram ng pondo mula sa Comprehensive Support Fund sa ika-4 hanggang ika-6 na buwan, mayroong aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal sa susunod na taon. Mangyari lamang tandaan na muli namin kayong aabisuhin kapag oras na ng aplikasyon.

## 7 Kapag hindi nabigyan ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

May kailangang isagawa na proseso para sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal. Mangyaring ipagbigay-alam ang bank account na gagamitin bilang withdrawal account sa pamamagitan ng website o ng kalakip na "Deposit Account Transfer Request Form" (*yokinkouza furikaeiraisho*). Kung hindi alam ang gagawin, mangyaring sumangguni sa support center para sa temporary loan emergency fund o sa Council of Social Welfare ng inyong lungsod o munisipyo.
https://tcsw.g-sb.net/new/

## Para sa mga katanungan:

Tokyo Council of Social Welfare, Support Center Para Sa Temporary Loan Emergency Fund
☎ 03-6261-4335 (Oras ng pagtanggap ng tawag: Lunes hanggang Biyernes 9:30 AM – 5:30 PM)
https://www.tcsw.tvac.or.jp/activity/coronatokurei.html